

# Ang dapat mong malaman tungkol sa COVID-19



## Impormasyon tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19

Huwag kalimutang ipagpatuloy ang pagsuot ng telang pantakip at hugasan ang kamay kahit bakunada na!



- **Pangalan:** Pfizer-BioNTech
- **Klase ng Bakuna:** mRNA
- **Bilang ng dosis:** Dalawang dosis na dalawampu't isang (21) araw ang agwat
- **Paraan ng pagturok:** Turok ng karayom sa laman ng braso
- **Pagkabisa:** Siyam na pu't limang porsyento (95%) na mabisa ang bakuna sa pagpigil na mahawan ng COVID-19 ang isang taong hindi pa nahawa sa bayrus noon
- **Posibleng Side Effect:** Sa loob ng pitong (7) araw ng pagbabakuna, maaring magsanhi ng mga side effect ang nabakunahan, karamihan sa mga kumuha ng ikalawang dosis, tulad ng sakit o kirot sa katawan, pamumula, pamamaga sa lugar na tinurokan, pagkapagod, sakit sa ulo, kirot ng kalamnan, panginginig, lagnat, at pagkahilo
- **Sino ang pwedeng bakunahan?:** Kahit sino na mahigit sa labing anam (16) na taong gulang



- **Pangalan:** Moderna
- **Klase ng Bakuna:** mRNA
- **Bilang ng dosis:** Dalawang dosis na dalawampu't walong (28) araw ang agwat
- **Paraan ng pagturok:** Turok ng karayom sa laman ng braso
- **Pagkabisa:** Siyam na pu't apat at sampung bahagi (94.1) na mabisa ang bakuna sa pagpigil na mahawan ng COVID-19 ang isang taong hindi pa nahawa sa bayrus noon
- **Posibleng Side Effect:** Sa loob ng pitong (7) araw ng pagbabakuna, maaring magsanhi ng mga side effect ang nabakunahan, karamihan sa mga kumuha ng ikalawang dosis, tulad ng sakit o kirot sa katawan, pamumula, pamamaga sa lugar na tinurokan, pagkapagod, sakit sa ulo, kirot ng kalamnan, panginginig, lagnat, at pagkahilo
- **Sino ang pwedeng bakunahan?:** Kahit sino na mahigit sa Labing walo (18) na taong gulang



- **Pangalan:** Johnson & Johnson
- **Klase ng Bakuna:** Viral vector
- **Bilang ng dosis:** Isang dosis
- **Paraan ng pagturok:** Turok ng karayom sa laman ng braso
- **Pagkabisa:** Pitong pu't dalawang porsyento (72%) ang pagkabisa at walong pu't anim na porsyento (86%) para maiwasan ang malubhang sakit
- **Posibleng Side Effect:** Sa loob ng pitong (7) araw ng pagbabakuna, maaring magsanhi ng mga side effect ang nabakunahan, tulad ng sakit o kirot sa katawan, pamumula, pamamaga sa lugar na tinurokan, pagkapagod, sakit sa ulo, kirot ng kalamnan, panginginig, lagnat, at pagkahilo
- **Sino ang pwedeng bakunahan?:** Kahit sino na mahigit sa Labing walo (18) na taong gulang

Impormasyon:

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/different-vaccines/Pfizer-BioNTech.html>

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/different-vaccines/Moderna.html>

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/different-vaccines/janssen.html>

<https://www.yalemedicine.org/news/covid-19-vaccine-comparison>

**ISCAN ANG QR CODE NA ITO PARA HANAPIN ANG PINAKAMALAPIT NA LUGAR NG PAGBAKUNA SA IYO**



# Soporta at impormasyon para labanan ang dahas laban sa mga Asian

Ayon sa pagsusuri na ginawa ng Center for the Study of Hate and Extremism sa California State University, tumaas ang mga karahasan laban sa mga Asian ng isang daan at limangpung porsyento (150%) sa taong 2020, karamihan nito ay nasa NYC at LA.



Impormasyon galing sa komunidad API laban sa dahas

Pinagipon na listahan ng mga impormasyon galing sa iba't ibang panig ng US



Asian Mental Health Collective

Impormasyon para sa kalusugang pangkaisipan ng mga komunidad AAPI, kasama ang isang listahan ng mga therapist sa bawat state.



Stop Asian Hate

Impormasyon para labanan ang pagtatangi laban sa mga Asian, diskriminasyon, at dahas, handog ng New York City Office of Human Rights

